# BATINGAW

**DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN**

TAON 8, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE ENERO 2009

"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"

Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com



**nasa loob**

EDITORYAL 4

PIKTORYAL 7

Salamat Gob p 2

HELP column p 2




Gov. Jesus O. Typoco, Jr.

**A**ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa ilalim ng administrasyon ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ay pinagkalooban kamakailan ng *certificate of recognition* ng *Pag-IBIG Fund* dahil sa

*(Sundan sa pahina 9)*

# CN, Finalist sa Pillar Awards ng Pag-IBIG





The Pag-IBIG Fund

presents this

Certificate of Recognition

to the

Camarines Norte Provincial Government

for being a finalist in

THE PILLAR AWARDS

for Best Employer-Members

The continued Pag-IBIG membership of your employees has allowed the Fund to reach out to its millions of members, bring its various programs to their doorsteps, and enable it to assist members realize their dream of saving for their future. At the same time, the institution is able to provide you, its partner-employers, an additional non-wage benefit program available only to Pag-IBIG members.

Given this 15th day of December 2008 during the celebration of the Pag-IBIG Fund's 28th anniversary.

ATTY. ROMERO F.S. QUIMBO
Chief Executive Officer

*Tinanggap ni Engr. Gerry Quiñones, Executive Assistant IV ng Office of the Governor ang Certificate of Recognition mula kay Roberto A. Salvosa - Chief ng Marketing & Enforcement Provident Benefits Division ng Pag_IBIG Naga City Branch, dahil sa pagiging finalist ng Pamahalaang Panlalawigan sa PILLAR Awards ng naturang ahensiya*

# Rex A. Bernardo 2008 TOYM Awardee

**I**sa sa mga itinanghal na *The Outstanding Young Man (TOYM)* sa taong 2008 si Rex Adivoso Bernardo, isang paralitiko mula rito sa lalawigan ng Camarines Norte.

Kasama niyang pinarangalan sina Secretary Ace Durano ng *Department of Tourism (DOT)*, Karen Davila ng *ABS-CBN*, Christian

*(Sundan sa pahina 9)*



*Si Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo kasama ang mga TOYM awardees na sina (Kaliwa-Kanan): DOT Sec. Joseph Felix Mari "Ace" Durano, Kristin Karen L. Davila, Christian Joseph R. Cumagun, Antonio A. Alfonso at Rex. A. Bernardo sa awarding ceremonies na ginanap sa Malacañan Palace, Manila noong Disyembre 20, 2008.*



# Efren Mago, bagong halal na PAFC chairman;

## mga prayoridad na proyekto nito para sa taong 2009-2010, inilahad



*PAFC Chair Efren Mago*

Ginanap kamakailan ang isang natatanging eleksyon para sa posisyon ng *PAFC Chairman* bunsod ng pagbibitiw sa tungkulin ni G. Benjamin C. Dimaano sa pulong ng *Provincial Agricultural and Fishery Council (PAFC)* noong Disyembre 31, 2008.

Ayon sa bagong halal na *PAFC Chair* Efren Mago, ang kanyang *5-point agenda* ang siyang magsisilbing gabay ng konseho upang maisakatuparan ang adhikain nitong maipagpatuloy ang mga gawain nito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga miyembro nito gayundin sa mga kaukulang pamahalaang lokal at pambansang ahensya. Ito ay pawang isasagawa sa nalalabi pang termino ni Mago bilang *Chairman* para sa taong 2009 hanggang 2010.

Binigyang-diin ni *PAFC Chair* Mago na mahalagang makipagtulungan ito sa Kagawaran ng Pagsasaka upang sa implementasyon at pagsubaybay sa mga proyekto nito. Ito ay sa pamamagitan ng pakiki-pag-ugnayan sa Tanggapan ng Panlalawigang Pansakahan.

Hinikayat din niya ang mga *Agricultural and Fishery Council (AFC)* sa bawa't bayan at mga barangay na magsumite ng *work and financial plan* upang maisama sa badyet ng kani-kanilang *agricultural offices*. Nais din niya na pasiglahing muli ang mga *AFCs* sa mga bayan at barangay.

Susubaybayan din nito ang mga samahang binigyan ng pondo para sa kanilang proyektong pangkabuhayan.. Magsasagawa rin sila ng lakbay-aral sa mga proyektong matagumpay na naipatupad upang magsilbing halimbawa at inspirasyon ng mga miyembro ng konseho.

Isasagawa rin ng *PAFC* ang isang malaking pagtitipon ng mga *AFCs* na dadaluhan ng 12 bayan kasama ang kani-kanilang *Municipal Agriculturist/Agricultural Officers (MAs/MAOs)* kasama ang kanilang mga lokal na opisyales.

Dahil sa pagkakapili kay G. Mago bilang bagong *PAFC Chairman,* nabakante ang dating puwesto nito na *PAFC Auditor* kaya't nagkaroon din ng eleksyon para sa posisyong ito kung saan ang nahalal dito ay si Benedicto Palmares na *MAFC Chair* ng Basud. ***MLJEREZ***

# Coco coir production project sa CNorte sinimulan na

Sinimulan na kamakailan ang operasyon ng *coco coir production project* na matatagpuan sa Brgy. Alawihao, Daet, Camarines Norte.

Ang naturang proyekto na pinangangasiwaan ng *Camarines Norte Alay-Lakad Foundation Inc. (CNALFI)* ay pinupunduhan ng *World Vision US bilang* suporta sa programang Pag-**A**aral ng **B**ata para sa **K**inabukasan o *ABK Initiative* na ipinatutupad ng *World Vision Development Foundation, Inc. (WVDFI)* dito sa Camarines Norte

Sa pulong na isinagawa kamakailan, iniulat na nakapagsimula nang bumili ng mga bunot ng niyog sa iba't-ibang barangay ng mga bayan ng Labo, Daet at San Lorenzo Ruiz. Ang mga bunot ng niyog ay isasailaim sa kaukulang proseso para gawing *coco fiber* na ipagbibili naman sa *Joboken Enterprises*.

Ilan sa mga produktong puwedeng gawin mula sa *coco fiber* ay ang mga *door mats, coco twine, brushes,* lubid, *coco nets* at iba pa. Ang may pinakamalaking merkado rito sa Pilipinas at sa ibang bansa ay ang *coco twine* sapagkat ginagawa itong *erosion control nets* na inilalagay sa palibot ng mga bulubunduking lugar upang maiwasan ang posibleng pagguho nito.

Layunin ng naturang proyekto na mabigyan ng karagdagang mapagkakakitaan ang mga magulang ng mga benepisaryo ng *ABK Initiative* upang matustusan nila ang pag-aaral ng kanilang mga anak. Ang mga benepisaryo ng naturang programang pang-edukasyon ay ang mga kabataang manggagawa *(child laborers)* mula sa mga barangay ng Sta. Rosa Sur, Luklukan Norte, Luklukan Sur at Sta. Elena sa bayan ng Jose Panganiban, at ang Brgy. Dalas sa bayan ng Labo. Kabilang din sa mga benipisyaryo nito ang mga kinauukulang *women sectors,* at *agrarian reform beneficiaries*.

Ang bahagi ng kikitain mula sa nabanggit na proyekto ay gagamitin para mabigyan ng *vocational training assistance* ang mga *out-of-school youths (OSYs)* na kwalipikadong mapagkalooban ng libreng edukasyon.



*Ang grupo ng mga kababaehan na kabilang sa benepisyaryo ng coco coir production project habang sumasailalim sa pagsasanay.*

Samantala, una nang isinagawa sa Brgy. Sta. Elena, Jose Panganiban ang isang *livelihood orientation and coco-twine making* na inorganisa ng *World Vision Development Foundation Inc. (WVDFI)* para sa mga miyembro ng Sulong Kababaehan sa naturang lugar. Ito ay pinunduhan ng *World Vision US.*

Kasama rin sa *livelihood project implementation* ang CNALFI, Department *of Labor and Employment Regional Office 5 (DOLE RO5)* at pamahalaang lokal ng bayan ng Jose Panganiban. **RB MANLANGIT, PIA CAMARINES NORTE/LT IBASCO)**

## Salamat Gob HELP column

**Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2009 ENERO | 5 | Decena Narra for medical assistance | P500.00 |
| | 7 | PB Raul B. Oco of Brgy. Gumamela, Labo for the annual Peñafrancia Celebration in their barangay | 1,000.00 |
| | 14 | Nilo Dasal of Brgy. Tarum as medical assistance to Juana Babagay | 500.00 |
| | 23 | Teresita Lopez of Purok III, Mancruz, Daet for the tuition fee of Jason Lopez at Microsystems Institute of Technology | 3,742.50 |
| | | Mary Jane B. Baniano of CNSC BS in Secondary Education for their Literacy Training Services | 500.00 |
| | 26 | Jinky T. Tavera of Brgy. Bagasbas, Daet for her tuition fee at Microsystems Institute of Technology | 3,905.00 |
| | 28 | Loida Galvez of Purok 8, Magallanes, Ilaod for the tuition fee at the CNSC | 1,000.00 |
| | | Jenny Morada of Brgy. Plaridel, Basud for the death anniversary | 500.00 |
| | | TOTAL | **P11,647.50** |

# Breastfeeding program sa Camarines Norte hiniling na paigtingin pa ng mga RHU workers

Patuloy pa rin ang pagtaas ng kaso ng malnutrisyon sa hanay ng mga kabataan sa iba't-ibang panig ng bansa kasama na ang ilang malalayong barangay ng lalawigan ng Camarines Norte.

Upang matugunan ang problemang ito, ipinatupad ng pamahalaang nasyonal ang mga programang pangnutrisyon sa pamamagitan ng *Department of Health (DOH)* at iba pang kinauukulang ahensya at tanggapan.

Kabilang dito ang *breastfeeding campaign program* kung saan tinuturuan, ginagabayan at hinihikayat ang mga ina at magiging mga ina na pasusuhin ang mga sanggol mula pagkapanganak hanggang 2 taong gulang o higit pa sa halip na pasusuhin sila ng mga produktong gatas.

Sa pamamagitan ng *Provincial Health Office (PHO)*, patuloy na sinusuportahan ng administrasyon ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang naturang programa para mapababa o wala nang maitala pang kaso ng malnutrisyon sa mga kabataan dito.

Kaugnay nito, hinikayat at hiniling ni *Provincial Nutrition Action Officer* Mercedes Juan ang mga *rural health workers* sa 12 bayan dito na ipagpatuloy at mas paigtingin ang pagpapatupad ng *breastfeeding program* sa kanilang mga nasasakupan.

Binigyang-diin din ni Juan na ang mga nagdadalantaong ina ay regular na magpakonsulta at uminom ng mga bitamina lalung-lalo na ang *ferrous sulfate* para maiwasan ang anemya at magkaroon ng malusog na sanggol.

Sinabi rin nito ang mga ina na eksklusibong pasusuhin ang kanilang sanggol sa loob ng 6 na buwan kung saan hindi kailangang bigyan ng tubig o bitamina ang mga sanggol. Base ito sa mga pag-aaral na ang gatas ng ina ay akma sa enerhiya at sustansyang kailangan ng mga bata mula pagkapanganak hanggang 6 na buwang gulang.

Ang gatas ng ina ay may tamang proporsyon at dami ng kalori at mga sustansyang tulad ng protina, at mga bitamina at mineral na kailangan ng mga sanggol sa kanilang paglaki. Ang pinakamahalagang taglay nito ay ang kolostrum o unang likido na dumadaloy sa dibdib ng ina matapos magsilang. Nagsisilbi rin itong *antibodies* na pananggalang ng sang-

(Sundan sa pahina 9)

# Mahahalagang Benepisyo mula sa Gatas ng Ina

***Base sa mga pag-aaral, ang gatas ng ina ang pinakamabuti para sa bata hanggang 2 taon o higit pa at wala ring anumang gatas ang pwedeng ipalit dito.***

Ito ay nagtataglay ng kolostrum o unang likido na dumadaloy sa dibdib ng ina matapos magsilang na siyang nagsisilbing *antibodies* ng sanggol laban sa mga impeksyon.

Naibibigay ng gatas ng ina ang sapat na enerhiya at sustansyang kailangan ng mga sanggol mula sa unang araw hanggang ika-6 na buwan matapos maipanganak. Hindi rin kailangang painumin ng tubig ang mga bata kahit pa mainit ang panahon. Mayroon itong tamang proporsyon at dami ng kalori at mga sustansyang tulad ng protina, at mga bitamina at mineral na kailangan ng mga sanggol sa kanilang paglaki.

Ang gatas ng ina ay mas madaling ma-*absorb* ng sanggol kumpara sa *formula milk* o *milk substitutes* na gawa mula sa gatas ng baka.

Taglay rin ng gatas ng ina ang *calcium* na mahalaga sa pagbuo ng matatag na buto at malusog na dugo. Nakatutulong din ito sa *dental development* ng bata. Mas nagiging maayos ang pagtubo ng ngipin ng

(Sundan sa pahina 8)

# Biktima ng paputok sa CNorte noong Dis. 2008 bumaba sa 50%

Masasabing epektibo ang taun-taong kampanyang isinasagawa ng *Department of Health (DOH)* kung saan nagbibigay ito ng mga impormasyon at babala para sa responsable at tamang paggamit ng mga paputok para sa pagsalubong sa Bagong Taon. Sa pangkalahatan, bumaba ang bilang ng mga naging biktima nito sa iba't-ibang panig ng bansa.

Dito sa Camarines Norte, 5 lamang ang naiulat na nabiktima sa katatapos na selebrasyon ng katatapos na Bagong Taon kumpara noong 2007 na 10 katao ang biktima o 50% pagbaba sa bilang ng mga nabiktima. Ito ang ipinahayag kamakailan ni Dr. Arnulfo G. Salagost' p*rovincial health officer* .

Ang naturang insidente ay naganap noon lamang Disyembre 30-31 kung saan hindi na kiinailangang i-*confine* sa ospital ang mga biktima dahil hindi naman malubha ang nagging pinsala nila.

Sinabi niya na naging matagumpay ang kanilang isinagawang oplan paputok kung saan sila ay nagkaroon ng radio plug sa tatlong himpilan ng radyo, pamamahagi ng mga poster sa mga *rural health centers* at ang *orientation* sa mga *rural health workers*.

Samantala, sa *peace and order* naman naging tahimik at maayos rin ang kalagayan sa lalawigan kung saan walang naitalang malaking paglabag sa batas. **(*rbmanlangit, pia camarines norte/lt ibasco*)**

# Calaguas Island ng Brgy. Banocboc, Vinzons tinamaan ng diarrhea

Dahil sa naiulat na 15 kaso ng pagtatae noon lamang Enero 3-4 sa Brgy. Banocboc, Calaguas Islands sa bayan ng Vinzons, nakipag-ugnayan at inatasan ni Gob. Jesus O. Typoco Jr. si Dr. Arnulfo G. Salagoste, *provincial health officer*, na agad magbigay ng tulong at serbisyong medikal sa mga apektadong indibidwal.

Idinagdag pa ng gobernador na dapat suriin at pag-aralan ng *Provincial Health Office (PHO)* ang mga posibleng sanhi ng naturang insidente nang sa gayon ay masugpo agad ang naturang kaso at hindi na madagdagan pa ang bilang ng magkakasakit nito.

Kaagad namang tumalima sa naturang kautusan si Dr. Salagoste na nagpadala ng *medical team* sa Brgy. Banocboc. Ang naturang grupo ay namigay ng gamot at nilagyan ng suwero ang mga nagtae. Nagbahagi rin sila sa mga residente ng mga kaalaman at impormasyon ukol sa kahalagahan ng pagpapanatili ng

(Sundan sa pahina 9)






# EDITORYAL

## Philippine database sa human trafficking

Sa kabila ng lahat ng mga naging pagsusumikap upang sugpuin ang eksploytasyon sa mahihinang sektor ng ating lipunan sa pamamagitan ng pagpapasa ng mga polisiya, batas at giya sa pagpapatupad nito; sa kabila ng marami na ring mga pagsasanay na ibinigay simula sa mga pinuno ng mga barangay, pamahalaang bayan at probinsiya man, mga tanging pagsasanay sa mga *service providers* na may mandato o kaatasan sa pagpapatupad ng Republic Act 9208 o ang *Anti-Trafficking in Persons Act of 2003*, nakalulungkot isipin na magpahangga ngayon ay may lumilitaw pa ring kabiguan (miscarriage) sa pagpapatupad nito.

Napakaraming dahilan ang nakikita, tulad ng: *graft and corruption* dahilan sa mga protektor ng mismong ilan sa ating nasa pamahalaan; kakulangan pa rin ng kaalaman sa nabanggit na batas lalo't higit sa mga ahensyang inaasahang makapagpapatupad nito at makapagbibigay ng karampatang serbisyo upang mabigyan ng proteksyon ang mga biktima; mala-*legal* na pananaw sa prostitusyon bilang isang gawain; mahina at hindi magkakatugmang implementasyon ng batas; kakulangan ng pagbibigay-prayoridad sa mga programa at mahahalagang serbisyong panglipunan para sa mga kababaihan at mga kabataan; ang pagiging tanggap-tanggap sa kalalakihan na bumili ng aliw sa mga kababaihan lalo't higit sa mga kabataan; kakulangan sa mga komunidad ng kaalaman at pang-unawa tungkol sa *human trafficking*; kakulangan ng kaalaman, pang-unawa at respeto sa karapatan ng kapwa lalo't higit sa mga kababaihan at mga kabataan.

Subali't inaasahang lahat nang problemang ito ay matutugunan dahilan sa pagsusumikap ng UNICEF at Int'l Labor Organization (ILO) sa pamamagitan ng Asia Against Child Trafficking (Asia ACTs) at sa pagpapatupad na gagawin ng Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT) na pinamumunuan ng Kagawaran ng Hustisya (DOJ) sa pagtatatag ng Philippine Database kung saan malalaman dito ang mga ahensyang hindi isinasagawa ang kanilang tungkulin.

Sa mga darating na panahon, sana, hindi na iiyak ang mga biktima na sumisigaw ng hustisya, na lahat ng kanilang hinaing ay nauuwi sa wala dahilan sa kapabayaan ng mga kinauukulang ahensya ng pamahalaan.

# LGU Paracale nanguna sa 2008

## Gawad Punong Panlalawigan sa Kapaligiran Search


Mayor Romeo Moreno

Nakuha ng bayan ng Paracale ang unang puwesto sa katatapos na 2008 Gawad Pangulo sa Kapaligiran *Search* sa ilalim ng *category A (1st to 3rd class municipalities* kung saan nakakuha ito ng 87.6% na puntos. Dahil dito, ito ay tatanggap ng gantimpalang salaping P25,000.00.

Pumangalawa rito ang bayan ng Basud na nagtala ng 77.5% at pagkakalooban ng gantimpalang P15,000.00. Nasungkit naman ng bayan ng Jose Panganiban ang ikatlong puwesto sa puntos na 74.5% at bibigyan ng premyong P10,000.00.

Para sa *Category B (4th to 6th class municipalities)*, ang bayan ng San Lorenzo Ruiz ang nakapag-uwi ng unang puwesto sa puntos na 78.9% at pagkakalooban ng gantimpalang P25,000.00. Wala namang itinalagang nanalo para sa ikalawa at ikatlong puwesto nito. Ito ay dahil hindi nakuha ng ibang kalahok ang minimum na puntos na kailangan para maging kwalipikado silang manalo ng pangalawa at pangatlong puwesto. *(Ask DILG's comment for the highlighted portion)*

Ang pamantayang ginamit sa pagpili ng mga nanalo ang *physical condition of built-in areas - 70%* at *support systems - 30%* o may kabuuang 100%. Ang unang bahagi ng pamantayan ay binubuo ng *general cleanliness* at *urban space greening* na may bigat na 50% at 20%, ayon sa pagkakasunod.

Isinagawa naman ang *field validation and evaluation* sa mga kalahok na bayan sa pamamagitan ng *Provincial Evaluation/Validation Team* na binubuo ng mga kinatawan mula sa iba't-ibang tanggapan sa lalawigan. Ito ay kinabibilangan nina Edgar A. Estanislao ng *Kiwanis Club of Daet, Community Affairs Officer* Purita P. Briñas, *Community Affairs Office-Office of the Governor (CAO-G.O.)*; Milave L. Schneider, *Provincial Health Office (PHO)*, Conrado A. Rempillo, *Department of Education (DepEd)*; Provincial Head Reynaldo de Leon, *Philippine Information Agency (PIA)*, at; *Provincial Director* Robin M. Mercado ng *Department of the Interior and Local Government (DILG) Provincial Office* na siya ring *chairman* ng *evaluation team*.

Ang naturang timpalak-kapaligiran ay patuloy na itinataguyod ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng administrasyon ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa layuning mapaigting ang kampanya tungo sa isang malinis at luntiang Lalawigan ng Camarines Norte. ***RBMANLANGIT, PIA CAMARINES NORTE/LT IBASCO***


Pulang Daga Beach, Paracale, Camarines Norte

***Ang Pulang Daga Beach sa bayan ng Paracale, isa sa mga magagandang lugar sa bayang ito na dinarayo ng mga turista mula sa iba't-ibang bayan dito sa lalawigan at maging mga turista sa labas ng probinsiya man. Isa itong white sand beach at mayroong cottages para sa mga pamilya o grupong nais maligo o mamasyal dito.***

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/ design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports – Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O. —Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism-Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Deve -lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Abasig-Matogdon-Mananap Biotic Area kabilang sa 107 protected areas sa bansa



**Engr. Leopoldo P. Badiola**
**EERMD Chief**

Dumalo si Engr. Leopoldo P. Badiola, hepe ng *Ecosystem and Environmental Resource Management – Office of the Governor (EERMD-GO)* at kinatawan ng *Protected Area Management Board (PAMB)* para sa *Abasig Matogdon Mananap Natural Biotic Area (AMMNBA)* sa *National Summit of Protected Area Management Boards* na ginanap sa *Bayview Park Hotel,* Manila noong Pebrero 6, 2009.

Itinaguyod ng *Department of Environmental and Natural Resources (DENR)* ang nasabing *national summit*sa pamamagitan ng *Protected Areas and Wildlife Bureau (PAWB).* Layunin nito na mapag-usapan at matukoy ang mga suliranin na patuloy na nakakasagabal sa epektibong pangangasiwa sa mga *protected areas* sa buong bansa at makapagbalangkas ng mga paraan upang malunasan ang mga problemang nararanasan dito.

Layunin pa rin ng idinaos na pagpupulong na maipaunawa at matalakay sa mga dumalo ang mga bagong polisiya at mga pamamaran at ang bagong pinagtibay na *Impelementing Rules and Regulations (IRR)* ng *National Integrated Protected Area System (NIPAS) Act* na nakapaloob sa *DENR Administrative Order No.* 2008-26 na nilagdaan kamakailan ni *DENR Secretary* Jose Atienza, Jr. noong Disyembre 24, 2008 para sa epektibong pagpapatupad nito at makuha ang suporta ng mga kinauukulan para sa tunay na pakikiisa sa pangangalaga sa mga *protected areas* ng bansa at maging katuwang at magkaroon ng pananagutan sa pagpapatupad ng lahat ng gawain na may kinalaman dito.

Ayon sa talaan ng *DENR*, 107 ang bilang ng mga *protected areas* sa buong bansa at 16 dito ay nasa Bikol kabilang ang *Bicol National Park* na ang malaking bahagi ay matatagpuan sa bayan ng Basud at San Lorenzo Ruiz at Abasig Matogdon Mananap Natural Biotic Area na matatagpuan naman sa bayan ng labo, San Lorenzo Ruiz at San Vicente.

Kabilang sa mga dumalo mula sa Rehiyong Bikol ay kinabibilangan nina *Regional Executive Director* Joselin Marcus Fragada at *Regional Technical Director* Felix Mendoza ng *DENR*; Arthur Lorcha – *Bicol Natural Park*; Emmanuel Picaso – Mt. Isarog *Natural Park*; Roberto Derla – Mt. Bulusan *Natural Park*; at Wilma Carios – Libmanan *Cave*.

Ang idinaos na *national summit* ay unang pagpupulong ng mga kasapi ng iba't-ibang *protected area management boards* sa buong bansa. ***GONZALO C. BINAY***

# *Malunggay,* ang 'milagrosang gulay'



Ang mga Bikolano ay kilala sa buong mundo na mahilig kumain nang may gata. At isa sa mga popular ay ang ginataang malunggay. Makikita natin na ang *malunggay tree* ay ginagawang bakod sa ating bakuran. Ang malunggay ay kilala hindi lang sa sustansya nito kung hindi pati na sa kagamutan nito. Ang malunggay ay mayaman sa bitamina at mineral at sa kasalukuyan, ito ay ipinakikilala bilang isa sa mga pangunahing pagkain upang maiwasan ang malnutrisyon.

Ang malunggay ay tinaguriang *"miracle vegetable"* dahilan sa iba't-ibang kagamitan nito at potensyal bilang produktong panluwas.

Ang malunggay ay *scientifically known* sa katawagang *Moringa Oleifera* o *"horse radish"*. Ito ay maaaring itanim na buto o *stem cuttings*. Katulad ng niyog ay lahat ng parte ng malunggay ay maraming kagamitan at kahalagahan. Ang dahon nito ay isinasama sa *broth* o sopas (tinolang manok). Mayaman ito sa bitamina C, A, *iron* at *high density lipoprotein* (HDL) o *good cholesterol*.

Ang *seed pod* ng malunggay ay tumutulong na ma-*purify* (padalisayin)ang tubig bilang alternatibo sa *mechanical filtration*. Ang dahon, *pods*, buto at ugat nito ay ginagamit na *antiseptic* sa paggamot ng rayuma at kagat ng insekto. Ang katas ng dahon at *pods* ay gamot sa hika, rayuma o pamamaga. Ang *ben oil* na nakuha mula sa pinigang buto ng malunggay ay ginagamit sa proseso ng paggawa ng pabango.

Sa *nutrient analysis,* ang bawat gramo ng dahon ng malunggay ay nagtataglay ng 7 beses na dami ng *vitamin C* kumpara sa mga *oranges*, 4 na beses ng *calcium* sa gatas, 3 beses na marami ang *potassium* kaysa sa saging at 2 beses ang protina kumpara sa *yogurt*. Kilala ang malunggay sa buong mundo na nakatutulong upang maparami ang produksyon ng gatas ng mga nagpapasusong ina.

Ang *Department of Agriculture (DA)* ay humihikayat sa publiko at pribadong sektor na magtulungan upang mapataas ang produksyon at pagpo-proseso ng malunggay. Sasagawa rin ito ng malawakang *information dissemination* sa iba't-ibang panig ng bansa upang maiparating ang mga benepisyong pang-nutrisyon na dala ng malunggay.

Tayo nang magtanim ng malunggay sa ating bakuran upang may mapagkunan ng masustansiyang gulay sa tuwina. ***MELINDA L. JEREZ***




***Si Engr. Leopoldo P. Badiola (pangalawa sa kaliwa), hepe ng EERMD kasama ang iba pang partisipante mula sa Rehiyong Bikol na sina Arthur Lorcha-Bicol Natural Park, Wilma Carios-Libmanan Cave, Roberto Derla - Mt. Bulusan Natural Park at Emmanuel Picaso - Mt. Isarog Natural Park ganundin si Secretary Lito Atienza ng DENR sa isinagawang National Summit of Protected Area Management Board sa Bayview Park Hotel kamakailan.***

# List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| Admin. Aide III (Driver I) | 3012 | 3 | | 1 | Office of the Vice Governor | Elementary School Graduate | None Required | None Required | None Required | |

*SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV*



**Gob. Jesus O. Typoco, Jr.**

# Mobile Passport Services, NBI clearance processing isinagawang muli sa lalawigan

Patuloy ang pagdami ng mga kababayan natin na nais kumuha ng pa-saporte at *National Bureau of Investigation (NBI) clearance* ngunit hindi nila magawa dahil bukod sa abala na ito sa oras; magastos pa.

Dahil dito, sa pamamagitan ni *Provincial Employment Service Office (PESO) Manager* Nida N. Tosoc ay hiniling ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa *Department of Foreign Affairs (DFA) Regional Consular Office (DFA RCO)-Legazpi City* at *NBI Regional Office-Naga* City na muling magsagawa rito ng *mobile passport services* at *NBI clearance processing*.

Malugod namang pinaunlakan ng dalawang (2) nabanggit na pambansang ahensya ang kahilingan ng gobernador. Isinagawa nila ang *mobile passport services and NBI clearance processing* noong Enero 29-30 sa *SP Session Hall* at *Provincial Capitol Lobby*, *Provincial Capitol*, Daet.

Dahil dito, dumagsa sa Kapitolyo ang mga residente mula sa 12 bayan ng lalawigan na nag-aplay para kumuha ng bagong pasaporte, mag-*renew*, magpalit ng pasaporteng nawala o nasira, at; nag-aplay para maisyuhan ng *NBI clearance*. ***(RBMANLANGIT, PIA CAMARINES NORTE/ LT IBASCO)***

# Pagmimina ng non-metallic mineral sa Cams. Norte muling nagpamalas ng sigla ngayong taong 2009

Pagkatapos ng ipinakitang pananamlay ng operasyon ng pagmimina ng *non-metallic minerals (white clay, ball clay at silica sand)* noong Disyembre 2008, muli na naman itong nagpamalas ng sigla sa pagpasok ng taong 2009.

Ayos sa talaan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division ng Office of the Governor (EERMD-GO)*, umabot lamang sa 160 metriko tonelada ng iba't-ibang uri ng *non-metallic minerals* ang nailuwas palabas ng lalawigan noong Disyembre, 2008. Ito ay 5.6% lamang kung ihahambing sa produksyon noong Oktubre at Nobyembre, 2008 na may kabuuang 2,820 metriko tonelada.

***(Sundan sa pahina 8)***



***Si Gonzalo C. Binay ng EERMD-G.O. habang nagsasagawa ng regular na inspeksyon sa isa sa mga minahan ng white clay sa lalawigan.***



# Mga piling larawan













*1) Ang Outstanding Young Man Awardee na si Rex Adivoso Bernardo kasama ang mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan nang siya ay binigyan ng parangal ng mga ito bilang pagkilala sa kanyang husay nang makamit niya ang parangal mula sa Jaycee International (JCI) na ipinagkaloob sa Malacañan Palace ni Pang. Gloria M. Arroyo; 2) Sa pamamagitan ni Governor Typoco, nakahiram ang lalawigan ng Camarines Norte ng ilang fire trucks sa Camarines Sur upang makatulong sa pagrarasyon ng tubig sa mga apektadong pamayanan nang masira ang main water pipe ng Camarines Norte Water District sa lalawigan; 3) Sina Col. Ramon Baldemor ng 42nd IB PA nang sila ay bumisita sa tanggapan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. bago makapagsagawa ng relief & rescue operations sa lalawigan ng Camarines Norte; 4) ang pila ng mga kumuha ng pasaporte ng magsagawa ang DFA Region V ng mobile passporting dito sa lalawigan.*




# Mga nagawa ng PECCDCC sa loob ng 2 taon inilahad sa PIR

Ang mga nagawa ng *Provicial Early Childhood Care and Development Coordianting Committee (PECCDCC)* sa loob ng nakalipas na dalawang (2) taon ay inilahad ni Ms. Lorna C. de Claro, *Provincial Social Welfare and Devt. Officer,* at *PECCDCC Provincial Coordinator*.

Ito ay sa katatapos na *Program Implementation Review (PIR)* ng *Early Childhood Care and Development (ECCD) Program* sa Camarines Norte na isinagawa noong Enero 28-30, 2009 sa *Villa Caceres Hotel, Naga City*.

Ilan sa mga mahahalagang programa at proyektong naipatupad ng *PECCDCC* sa lalawigan ay ang mga sumusunod: pagsasaayos/ pagpapaganda ng 13 barangay health centers at pagbibigay ng medical equipment; pagsasaayos/ pagpapaganda ng 14 day care centers at pagkakaloob ng mga libro at iba pang babasahin *(learning materials); feeding program* para sa 270 kabataang kulang sa timbang *(underweight)*; mga programang pangkabuhayan para sa dalawang (2) grupo ng mga magulang *(parent groups)* at iba't-ibang *capability-building activities* para sa mga kinauukulang *service providers*.

Ang lahat ng nabanggit na proyekto ay pawang nakatulong sa pangkalahatang pagunlad at maayos na paglaki ng mga kabataang may edad 0-6 na taong gulang gayundin ang kani-kanilang pamilya.

Bilang karagdagan, ang *ECCd program* sa Camarines Norte ay ipinatutupad sa pamamagitan ng pondong ipinagkaloob ng *Council for the Welfare of Children (CWC)*, Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte, at ng mga pamahalaang bayan ng Mercedes, Paracale, Jose Panganiban, Sta. Elena at Capalonga. ***(PSWDO LC DE CLARO/LT IBASCO)***

# Mahahalagang Benepisyo...

***(Mula sa pahina 3)***
mga sanggol na pinasuso ng ina kaysa sa mga dumedede ng *formula milk* o *milk substitutes*.

Hindi rin ito magastos. Ang mga nagpapasusong ina ay nangangailangan lamang ng karagdagang 500 kalori, 18-22 gramo ng protina, at iba pang sustansya na madaling matugunan sa pamamagitan ng pagkain ng iba't-ibang uri ng masusustansyang pagkain.

Laging ligtas at malinis ang gatas ng ina. Hindi nagbabago ang kalidad nito kahit pa ilang araw na hindi magpasuso ang ina. Ang gatas na kinuha mula sa dibdib ng ina ay nananatiling ligtas sa loob ng 8 oras, kahit pa mainit ang klima at hindi inilagay sa repridyereytor.

Higit pa sa mga benepisyong pangkalusugan at pang-ekonomiya ang idinudulot ng pagpapasuso sapagkat nagbibigay ito ng kakaibang kasiyahan sa mga ina at kanilang mga sanggol. Mas napatitibay nito ang kanilang relasyon at pagmamahal sa isa't-isa.

Dahil dito, mas pinalawakat pinaigting ng *Department of Health (DOH)* ang kampanya para sa eksklusibong pagpapasuso ng mga ina sa kanilang sanggol sa loob ng anim (6).

Kapag anim (6) na buwan na ang bata, dapat na itong bigyan ng *complementary feeding* o ibang pagkain tulad ng gulay, isda o prutas kasabay ng pagpapasuso rito hanggang dalawang (2) taon o higit pa. ***LT IBASCO***

# Pagmimina...

***(Mula sa pahina 6)***
Ang nakikitang dahilan ng biglang pagbulusok ng produksyon noong buwan ng Disyembre, 2008 ay ang biglang pagtigil ng operasyon ni Teofilo Leonardo sa Brgy. Tuaca, Basud at Brgy. Tabas Paracale bunsod ng kawalan ng pagdadalhan ng kanilang produkto ayon kay Teotimo Acal, tagapamahala sa operasyon ni Leonardo. Isa pa sa sinasabing dahilan ay ang walang tigil na pagbuhos ng ulan araw-araw na lubos naming nakaapekto sa operasyon ng iba.

Ngayong Enero, 2009, ang produksyon ng mga nabanggit na *non-metallic minerals* ay dahan-dahang umangat na umabot sa 445 metriko tonelada o 278.12% ang itinaas kung ihahambing sa produksyon noong Disyembre, 2008. Samantala, tinatayang 2,625 metriko tonelada naman ang ilolobo ng produksyon nito ngayong Pebrero, 2009, o 1,640.65% na pagtaas kumpara noong Disyembre, 2008.

Ang pamahalaang Panlalawigan ay nakakolekta ng halagang P61,400.00 bilang *ore transport permit fee,* at *quarry resource tax* na P122,800.00 o kabuuang P184,200.00. ***GONZALO C. BINAY***

# Proyektong ipinagawa ni Gob. Typoco pinasalamatan ng Sang. Brgy. ng Batobalani

Pinasala-matan kamakailan ng Sangguniang Barangay ng Batobalani si Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. dahil sa ipinagawa nitong kalsada sa kanilang barangay na natapos kamakailan lang.

Ipinabatid nila ito sa gobernador sa pamamagitan ni Punong Barangay Jesus H. Enova.

Hiniling din nila na sana'y patuloy na suportahan ni Gob. Typoco Jr. ang kanilang mga programa at proyekto para sa kapakanan at kagalingan ng kanilang mga residente.

Ipinahayag din nila na ang naturang pagawain ay ilan lamang sa mga proyektong pang-imprastraktura na pinunduhan ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng administrasyon ni Gob. Typoco.

Idinagdag pa nila na ang kaunlaran ng kanilang barangay ay kaunlaran din ng lalawigan ng Camarines Norte. ***LT IBASCO***

# Mga bagong opisyales ng CNGHFI nanumpa sa tungkulin

Nanumpa sa tungkulin ang mga bagong halal na opisyal ng *Camarines Norte Good Hands Foundation Inc. (CNGHFI)* sa programang isinagawa kamakailan sa *Music Theatre 2, Central Plaza Complex*, Brgy. Lag-on, Daet, Camarines Norte.

Manunungkulan sa loob ng dalawang (2) taon ang *board of directors* nito na kinabibilangan nina: Marisol C. Panotes, pangulo; *Judge* Divine Peñafiel, pangalawang pangulo; Antonia P. Ramores, kalihim; Helen H. Cabrera, ingat-yaman; Clarissa K. Cu, tagasuri; Myrna D. Deligero, *public information officer (PIO)*, at *business managers*: Lalaine L. Alcala, Marilyn Flores, Chita D. Venida at Malou Lopez.

Ipinahayag naman ng bagong pamunuan ng *CNGHFI* na ang kanilang inisyal na proyekto ngayong taon ay ang pagpapaayos ng dslawang (2) *waiting sheds* sa *CAWC* at iba pang mahahalagang gawain para masugpo ang patuloy napagdami ng karahaasn laban sa mga kabataan at kaababaehan.

Ang *CNGHFI* ay isang *non-government organization (NGO)* na katuwang ng pamahalaang panlalawigan sa patuloy na operasyon ng *Center for Abused Women and Children (CAWC)* na nasa Brgy. Bagasbas, Daet, Camarines Norte.

Ito ang nagiging pansamantalang tahanan at kanlungan ng mga kabataan at kababaehang naging biktima ng iba't-ibang uri ng karahasan at pangaabuso. Binibigyan sila rito ng kanilang mga pangunahing pangangailangan. Isinasailalim din sila sa kaukulang *counseling* upang matulungan silang mapaghilom ang anumang emosyonal, mental at pisikal na sugat na tinamo nila. ***PSWDO LORNA C. DE CLARO/LT IBASCO***



# CN, Finalist...

*(Mula sa pahina 1)*
pagiging *finalist* nito sa *The PILLAR Awards for Best Employer-Members*.

Ito ay tinanggap ni Engr. Gerry Quiñones, *executive assistant IV* ng *Office of the Governor (G.O.)* mula kay Roberto A. Salvosa, *Division Chief on Marketing & Enforcement Provident Benefits Division* ng *Pag-IBIG Fund Regional Office-Naga City*.

Ang pagbibigay ng naturang sertipiko sa pamahalaang panlalawigan at iba pang kinauukulang pampamahalaan at pribadong ahensya at tanggapan sa bansa ay bahagi ng selebrasyon ng ika-28 taong anibersaryo ng *Pag-IBIG Fund*.

Ipinagkaloob ito sa pamahalaang panlalawigan dahil sa patuloy na pagiging aktibong miyembro ng mga kawani nito na regular na nagbabayad ng kontribusyon at *loans* sa naturang ahensya.

Ito ay nakatulong sa *Pag-Ibig Fund* na maipaabot ang iba't-ibang programa sa milyunmilyong miyembro nito na nangangarap na magkaroon ng sariling bahay at lupa, makapagtayo ng negosyo, makabili ng gamit o sasakyan, maliban sa iba pa.

Sa pamamagitan din nito, nagkakaroon ng katuparan ang pangarap ng mga miyembro nito na makapag-impok para sa hinaharap. Naging daan din ito upang maipagkaloob ng naturang institusyon sa mga *partner-employers* nito ang mga karagdagang *non-wage benefit program* na nakalaan para lamang sa mga miyembro nito. ***LMP QUERUBIN/LT IBASCO***

# Rex A. Bernardo...

*(Mula sa pahina 1)*
Cumagun at Antonio Alfonso.

Tinanggap nila ang naturang gawad-parangal mula kay Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa seremonyang isinagawa sa Malacañang kamakailan.

Pinagkalooban si Bernardo ng naturang pambansang gawad-parangal dahil ipinakita at pinatunayan niya na ang kapansanan ay hindi hadlang upang maisakatuparan ang anumang gawain lalunglalo na ang magtapos ng pag-aaral.

Ito ay sa kabila ng katotohanan na sa murang gulang, tinamaan siya ng sakit na *polio* kaya napagkaitan siya ng maagang edukasyon. Ngunit determinado siyang patunayan sa lahat na hindi hadlang ang kanyang pisikal na kapansanan para matupad ang kanyang mga pangarap at magtagumpay sa buhay.

Dahil dito, kahit walang pormal na edukasyon sa elementarya at hayskul, pumasok siya sa kolehiyo at tinapos ang kursong *psychology*. Habang nasa kolehiyo, ipinaglaban ni Bernardo ang *enablement* at *empowerment* ng mga mag-aaral na katulad niya ay may mga kapansanan din.

Si Bernardo rin ay tumanggap ng *scholarship* mula sa tatlong unibersidad kung saan natapos niya ang tatlong *masters degree* sa *developmental management, human resources management* at *industrial relations.*

Sa kasalukuyan, siya ay direktor at guro ng *Mabini College* dito sa Daet. Aktibo rin siya sa mga *charitable works* partikular na sa Gawad Kalinga. ***LUIGI MARTIN P. QUERUBIN***

# CNorte pilot area ...

*(Mula sa pahina 10)*
*tary* Ricardo Blancaflor; *Law Enforcement Agencies (LEA)* tulad ng *National Bureau of Investigation (NBI)* na ang mga kinatawan ay sina *Special Investigator III* Roland M. Demetria at *Administrative Aide IV* Marie Britt Domantay ng *Anti-Human Trafficking Division (AHTRAD)* nito, samantalang sa *Philippine National Police (PNP)-WCPC* naman ay si Det. Alfredo B. Opriasa na kinakatawan si Gen. Yolanda G. Tanigue. Kabilang din dito and *Bureau of Immigration (BI), NAIA Task Force at DOJ Task Force*; mga *consultants* na sina *SWO III* April Mendoza ng *DSWD* at Mr. Robert Corpus; ang mga *project funders* na sina Atty. Anjanette Saguisag ng *UNICEF* at *Atty.* Robert Larga ng *ILO*; ang mga kinatawan ng *Asia ACTs* na sina *Regional Coordinator* Amihan V. Abueva at Reggie Florendo.

Ang mga napiling tatlong (3) *pilot areas* ng ilulunsad na *Philippine Database* ay kinailangang dumalo rin tulad ng lalawigan ng Camarines Norte sa Luzon sa pamamagitan ni Mrs. Purita Briñas ng *Community Affairs Office – Office of the Governor*; Cebu sa Visayas na kinakatawan ng *Executive Director* ng *International Justice Mission (IJM),* at: Davao sa Mindanao sa *pamamagitan ng* Child Alert Mindanao ni Mr. Bernardo Mondragon.

Nagkaroon ng mistulang *workshop* kung saan inilahad ng mga ahensya na may direktang serbisyo na maipagkakaloob sa mga biktima ng *human trafficking* partikular ang *child trafficking*, ang mga uri ng mga serbisyo ng kaukulang ahensya upang mapangalagaan at maprotektahan nang naaayon sa mga karapatan bilang bata at bilang isang *trafficked child* ng mga ito.

Sa binabalak na sistemang ito, tiyak nang masusog kung anu-anong ahensya ng pamahalaan ang dinaanan ng bata, anu-anong serbisyo ang naipagkaloob ng mga ito, at gaano ang itinagal ng kaso ng isang bata sa isang ahensya, at kung ano ang mga kadahilanan ng pagkakabinbin sa pagkakaloob ng karampatang serbisyo sa mga ito.

Samantala, sila ay mag-uusap na muli sa Pebrero 24, 2009 kung saan ang mga kinatawan ng mga kinauukulang ahensya at mga ***focal persons*** ng mga ***pilot areas*** ay kinakailangang magsipagdalo upang lubusang maunawaan ang nabanggit na proyekto at maipahayag ang mga saloobin dito.

# Calaguas Island...

*(Mula sa pahina 3)*
kalinisan ng katawan at kapaligiran para sa malusog na pamumuhay.

Kumuha rin sila ng *water sample* at isinailalim sa kaukulang pagsusuri. Dito nalaman na ang tubig mula sa balon na pinagkukunan nila ng inuming-tubig ang sanhi ng kanilang pagtatae gayundin ang kawalan ng angkop na palikuran ng ilang kabahayan.

Kaugnay nito, pinayuhan ng *PHO* ang mga residente roon na pakuluan o di kaya'y lagyan ng chlorine ang kanilang inuming-tubig. Hiniling din nito sa pamahalaang lokal ang naturang barangay ay mabigyan ng malinis na pagkukunan ng inuming-tubig gayundin ang paglalagay ng *sanitary toilet* sa bawat kabahayan sa Calaguas Islands, Brgy. Banocboc sa bayan ng Vinzons. ***RBMANLANGIT, PIA CAMARINES NORTE/LT IBASCO)***

# 31st National ...

*(Mula sa pahina 10)*
mga kakayahan at ituring silang kabilang sa pamayananan.

Pinakatampok na aktibidad sa naturang *orientation forum* ang pagtalakay ni Sammy Buenconsejo ng *DSWD Regional Office* 5 Legazpi City sa *R.A.9442 – "An Act Amending R.A. 7277* na mas kilala bilang *"Magna Carta for Persons with Disability as Amended and for Other Purposes*.

Itinatakda ng naturang batas ang pagbibigay ng mga karagdagang pribilehiyo at insentibo sa mga *PSWDs* at ang pagbabawal na insultuhin at pagsalitaan nang masama ang mga *PWDs*. Pinalawak din nito ang benepisyo ng mga *PWDs* sa pamamamagitan ng mga diskwento at insentibo hindi lamang sa pamasahe kundi pati na rin sa mga establisimyento tulad ng mga restawran, *lodging houses*, at *sports and recreational centers.* Pangunahin dito ang 20% diskwento nila sa pagbili ng mga gamot, pagbabayad sa mga serbisyong medikal, mga pangunahing pangangailangan at kagamitan, at pribilehiyong pang-edukasyon na malaking tulong sa kanila. Sa pamamagitan din nito, nararamdaman nila na ang kanilang mga karapatan ay kinikilala ng iba't-ibang sektor at mga kaukulang tanggapan ng pamahalaan.

Bilang karagdagan, ang naturang aktibidad ay dinaluhan ng mga opisyal at kinatawan mula sa iba't-ibang ahensya na patuloy at walang sawang sumusuporta sa mga programa at proyekto para sa kapakanan ng mga *PWDs.*

Ito ay kinabibilangan ng *Dept. of the Interior and Local Government (DILG), Provincial Prosecutor's Office, Bureau of Internal Revenue (BIR), MSWDOs, Jollibee-Daet Branch, Villa Mila Hotel and Restaurant, Dept. of Social Welfare and Devt. (DSWD), Dept. of Health (DOH), New South Star Drug, Mercury Drug, Wiltan Hotel and Restaurant, Dept. of Trade and Industry (DTI), Cams. Norte Federation of Person with Disability (CNFPWD)*, at iba pa. ***PSWDO/LT IBASCO***

# Breastfeeding program ...

*(Mula sa pahina 3)*
gol sa mga impeksyon.

At ang pinakamahalagang benepisyo mula sa pagpapasuso ay ang magandang relasyon na nabubuo sa pagitan ng bata at ina. Sa pamamagitan nito, mas nararamdaman ng bata ang pagmamahal at seguridad dahil sa init at pagkakalapit nito sa katawan ng kanyang ina (*warmth and closeness of the mother's body*).

Ipinahayag ni Juan na makalipas ang 6 na buwan, maliban sa gatas ng ina, ang mga bata ay kailangan nang bigyan ng *complementary foods* tulad ng prutas, gulay at iba pang masusustansyang pagkain..

Idinagdag din nito na sa Marso at Abril ay isasagawa ang *nutrition evaluation* sa mga kinauukulang bayan dito sa Camarines Norte ***RBMANLANGIT, PIA CAMARINES NORTE/ LT IBASCO)***





Atty. Anjanette Saguisag
UNICEF

# CNorte, Pilot Area ng Philippine Database sa Human Trafficking

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE ENERO 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

Isinagawa sa pangalawang pagkakataon ang pagpupulong ng mga bumubuo sa *technical group* na ginanap noong ika-22 ng Enero 2009 sa *International Conference Center* sa *Dela Salle University College of St. Benilde Hotel, Manila* para sa pagsagawa ng isang pambansang *database* sa *trafficking* susog sa Republic Act No. 9208 ó ang *Anti-Trafficking in Persons Act of 2003* at kabilang dito ang mga kinatawan ng tatlong (3) lalawigang napili upang maging *pilot areas* nito sa bansa.

Ang mga kabilang sa *technical working group* ay ang *Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT) Secretariat* na sina: *Prosecutor* Deana Perez, *State Counsel IV* Mary Grace Quintana, *State Counsel* Nancy G. Lozano, *State Counsel* Leilani R. Fajardo at *Department of Justice (DOJ) Undersecre-*

(Sundan sa pahina 9)



1 2 3 4

*Ang mga kinatawan ng mga ahensyang bubuo sa kinakailangang datos upang maitatag ang Philippine Database sa Human Trafficking: 1) Secretariat ng DOJ-IACAT kasama si Atty. Ani Saguisag; 2) CAO IV Purita P. Briñas ng LGU-Camarines Norte; Major Alfredo Opriasa ng WCPC-PNP, Marrie Britt Domantay at Spl. Investigator III Roland M. Demetria ng NBI -AHTRAD; 3) IT Consultant Robert Corpus, Atty. Nancy Lozano at Atty. Leilani R. Fajardo pawang State Counsel ng DOJ/IACAT, Atty. Robert Larga ng ILO; 4) Atty. Ani Saguisag ng UNICEF, mga miyembro ng IACAT Secretariat*

# PWDs orientation-forum

## isinagawa sa selebrasyon dito ng 31st National Disability Prevention and Rehabilitation Week



Lorna C. de Claro, PSWDO

Isinagawa kamakailan sa *Audio-Visual Production Center (AVPC)* ng Kapitolyo Probinsyal ang isang *orientation forum* para sa mga may kapansanan o *persons with disabilities (PWDs)* kaugnay sa selebrasyon dito ng *31st National Disability Prevention and Rehabilitation Week.* Ito ay itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO).*

Taun-taon itong ipinagdiriwang upang maipahayag ng mga *PWDs* ang kanilang mga pananaw at pangangailangan, mabigyan ng pansin ang kanilang panawagan na kilalanin ng lipunan ang kanilang

(Sundan sa pahina 9)



